

HALAW SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG CARDONA, RIZAL, NA GINANAP NUONG IKA-07 NG HULYO 2005 SA IKATLONG PALAPAG NG PAMAHALAANG BAYAN.

NAGSIDALO:

KGG. RAUL C. HIMBING	-	Konsehal
KGG. VIRGILIO A. RIVERA	-	Konsehal
KGG. OPHER F. STA. MARIA	-	Konsehal
KGG. FELIX A. ARRIOLA	-	Konsehal/Nanuparang Tagapangulo
KGG. ARMANDO V. FRANCISCO	-	Konsehal
KGG. GARRY R. SALAMAT	-	Konsehal
KGG. RUBEN P. OCAMPO	-	Konsehal
KGG. CRISPO F. JULIAN	-	Konsehal
KGG. JESUS R. FRANCISCO, JR.	-	Ex-Officio (PPSK Pangulo)

HINDI DUMALO:

KGG. MA FE SJ. PASTORAL. M.D.	-	Pang. Punong Bayan
KGG. EDGARDO P. GONDRANEOS	-	Ex-Officio (ABC Pangulo)

ORDINANSA BLG. 05-20

PANUKALANG AMIENDA SA KAUTUSANG PAMBAYAN BLG. 10-S-88 NA MAY TITULO: :KAUTUSAN PAMBAYAN NA NAGSUSOG SA PANGKAT II NG KAUTUSANG PAMBAYAN BILANG 6-S-88 NA NAGBABAWAL NG PAGBIBILI AT PAG-IINOM NG ALAK O ANUMANG KAURI NITO NA NAKALALASING SA ORAS AT LUGAR NA BABANGGITIN.”

May-akda: Kgg. Opher F. Sta. Maria

Sponsor: Kgg. Raul C. Himbing

PINAGPASIYAHAN, gaya ng naritong pagpapasiya ng Sangguniang Bayan ng Cardona, Rizal, ang mga sumusunod:

PANGKAT I – Layunin - Ang ordinansang ito ay pinagpasiyahan para sa mga sumusunod na layunin:

- a) Upang mapangalagaan ang mga kabataan para makaiwas sa masamang bisyo, at
- b) Upang mapangalagaan ang kanilang kalusugan tungo sa isang magandang kinabukasan.

P.2 / ORD 05-20

PANGKAT II

- a) Mahigpit na ipinagbabawal sa may-ari / mga may-ari ng tindahan ang pagbibili ng alak o anumang kauri nito na nakalalasing simula ika-6:00 ng gabi hanggang ika-6:00 ng umaga.
- b) Mahigpit na ipinagbabawal sa may-ari / mga may-ari ng kainan, restaurant, beer house, bar o anumang kahalintulad ng mga ito ang pagbibili ng alak o anumang kauri nito na nakalalasing simula ika-12:00 ng hatinggabi hanggang ika-6:00 ng umaga sa sumunod na araw, na may PASUBALI, na ang alak o anumang kauri nito na nakalalasing na ipagbibili simula ika-6:00 ng gabi hanggang ika-12:00 ng hatinggabi ay hindi ilalabas ng mga nabanggit na establesimiyento o sa loob lamang ng mga ito iinumina.

PANGKAT III

Mahigpit na ipinagbabawal sa sino mang tao o mga tao ang pag-iinom ng alak o anumang kauri nito na nakalalasing sa mga hayag na pook sa nasasakupan ng Bayan ng Cardona, Rizal, tulad ng langsanga/daan, mga lugar na pag-aari ng pamahalaang bayan, harap ng tindahan na wala sa tabing-kalsada o daan, labas ng tindahan na daanan ng tao, sa lahat ng oras ng buong araw.

PANGKAT IV

Mahigpit na ipinagbabawal sa mga tindahan (sari-sari stores) ang pagbibili ng alak o anumang kauri nito na nakalalasing sa mga kabataan na may edad 17 taong gulang pababa. Ang mga kabataan na dito ay binabanggit ay nasasakop ng mga itinatadhana ng kautusang nasasaad sa Pangkat I, II, III, V at VI.

PANGKAT V

Hindi nasasakop ng kautusang ito ang pag-iinom ng ano mang alak sa mga okasyon katulad ng kasalan at mga sayawan na layunin ay makalikom ng kailangang halaga upang maipagpagawa ng mga proyektong pambayan/ pangnayon, subali't kailangang humingi ng kaukulang kaukulang pahintulot sa Punong Bayan o sa kinatawan nito;

PANGKAT VI

Ang sino mang tao o mga tao na mapatunayang tuwirang lumabag sa alinmang dito'y nasasaad ay papatawan ng parusang pagkabilanggo na hindi bababa sa isang (1) buwan at hindi hihigit sa tatlong (3) buwan o pagmumulta ng halagang Isang Daang (100) Piso o pareho batay sa igagawad ng hukuman.

PANGKAT VII

P.3 / ORD 05-20

Ang alin mang kautusan o mga kautussang pambayan na sumasalungat sa kautusang ito ay pinawawalang bisa;

PANGKAT VIII

Ang kautusang ito ay magkakabisa 15 araw matapos na ito ay pagtibayin at malathala sa mga hayag na lugar..

PINAGTIBAY ngayong ika-07 ng Hulyo 2005 sa Bayan ng Cardona, Lalawigan ng Rizal.

AKING PINATUTUNAYANG TAMA AT WASTO ANG KAPASIYAHANG ITO.

IMELDA S. RAMOS
SB Kalihim

PINATUTUNAYAN:

FELIX A. ARRIOLA
Konsehal
Nanuparang Tagapangulo

PINAGTITIBAY:

GIL SJ. SAN JUAN
Punong Bayan